Mas Ligtas na Paggamit ng Disinfectant sa Panahon ng COVID-19 na Pandemya

Ang paggamit ng mga disinfectant sa mga surface sa tahanan niyo ay makakapatay ng mga germs na nagdudulot ng sakit (bakterya at virus), ***pero maaaring may mga panganib din ito sa kalusugan.***

Linisin ang lahat ng Mga

Linisin ang mga surface sa bahay niyo gamit ang all-purpose na panlinis o walang amoy na liquid na sabon, at basahan, mas mainam kung microfiber (mabibili online, sa mga tindahan ng grocery at sa mga tindahan ng malalaking kahon). Ang paglilinis ay nagtatanggal ng dumi at karamihan sa mga germ sa surface at iniiwasan ang sobrang pagkalantad sa mga disinfectant.

I-disinfect ang mga surface na laging nahihipo

Linisin ang mga surface, pagkatapos ay i-disinfect gamit ang produkto na nasa *dalawang* EPA na listahan: Disenyo para sa Kapaligiran mga antimicrobial na pestisidyo at N: Mga Disinfectant para magamit laban sa SARS-CoV-2. Pinapatay nito ang mga natitirang germs.

Hanapin ang mga mas ligtas na aktibong sangkap na ito sa label:

- Citric Acid
- Hydrogen Peroxide
- L-lactic acid
- Ethanol
- Isopropanol
- Peroxyacetic acid
- Sodium Bisulfate.

Ipahid sa surface at iwang kumikinang na basa sa oras na nakalista sa label ng produkto.

Maraming mga disinfectant ay hindi ligtas na magamit sa mga surface na nadidikitan ng pagkain. Hanapin ang mga salitang 'food-contact sanitizer' sa label ng produkto na tinutukoy ang kaligtasan para sa mga surface na nadidikitan ng pagkain.

Kung hindi ka makakuha ng mga mas ligtas na produkto

Kung wala kang access sa isang microfiber na basahan, hugasan ang mga ispongha o tuwalya matapos ang bawat nalinis na surface:

- **Linisin ang mga ispongha** sa pagma-microwave ng **hindi-metallic**, basang-basang mga ispongha ng isang minuto.
- **Labhan ang mga tuwalya** gamit ang sabon o detergent sa palanggana o washing machine.

Kung may access ka lang sa bleach o mga disinfectant na may mga aktibong sangkap maliban sa mga nakalista bilang mas ligtas:

- **I-dilute ang mga disinfectant** ayon sa mga tagubilin sa pakete;
- **Huwag paghaluin ang mga disinfectant**; at
- Siguruhing **pahanginan ang lugar** nang kasing buti nang posible (buksan ang mga bintana, i-on ang mga bentilador).

Malaman ang higit pa i-download ang aming detalyadong mas ligtas na factsheet here.

Tingnan ang pagtanggi sa detalyadong mas ligtas na pag-disinfect na factsheet.

American Academy of Pediatrics
DEDICATED TO THE HEALTH OF ALL CHILDREN®

PEHSU Pediatric Environmental Health Specialty Units

WESTERN STATES PEHSU Pediatric Environmental Health Specialty Unit